Si Aso at si Buto

By; BluePoet

Isang araw habang naghahanap ng kausap si Aso, napadaan siya sa isang saradong bodega ng gatas. Ang bodega ay nasa ibaba ng isang burol. Sira sira ang gusali, sira na rin ang dating matibay na bakod na siyang humaharang sa mga masasama upang makapagnakaw. Napansin niya na may isang kahon na mukhang bago pa. Tumigil siya sa walang direksyon niyang paglalakad. Nagkamot ng tenga gamit ang paa na kanina'y naitapak niya sa tae ng di kakilalang aso. Dinilaan ang ilong at kumahol ng tatlong beses. Paraan raw niya iyon upang kumuha ng lakas ng loob. Hanggang sa unti unti niya nang ihinakbang ang mga binti sa harapan. Dahan-dahan at maingat. Pero siya ay natisod sa isang malaking bato na nakausli mula sa basang lupa. Nagpagulong gulong ang lampang Aso pababa sa burol, hanggang tumigil sa tapat ng kahon.

Putikan at nasaktan ang Aso. Pero nasa tabi na siya ngayon ng kahon. Malapit na siya sa kahon na kanina ay pinagmamasdan niya lamang.

"Aw-Aw!" Sabi ng Aso.

"Wag ka ngang maingay!" pagalit na sabi ng kahon.

"Ah…pasensya ka na kahon… di ko nais na ikaw ay istorbohin… aalis na lang ako… pasensya na talaga." mababa ang boses ng Aso habang papalayo gamit ang napilayan niyang mga binti.

"Sa-sandali lang…" utal na sabi ng kahon.

Nagulat ang Aso sa narinig. Napalitan rin ng ngiti ang ngiwi niya. Umihip ang malakas na hangin at naitaob ang kahon. Sumambulat ang isang mataas na Buto sa harapan ni Aso. Isang Buto pala ang nagsasalita kanina. Kinabahan muli ang Aso. Hindi makapaniwala. Hindi alam kung maiinis o matutuwa.

"Anong pangalan mo?" usisa ng aso.

"A-a-ko s-s-si A-a-so…" utal muli.

Hindi muling makapaniwala ang Aso. Ang kahon na kinakausap niya ng buong lakas loob ay hindi naman pala talaga ang tunay na nagsasalita. Ang Buto pala ang sa kanya ay kumakausap.

Isa siyang Buto na nagtatago sa kahon. Naaksidente siya kahapon at bakas na bakas pa ang mga bitak sa kaniyang katawan. Halata ang sakit na pinagdaanan niya, at sa pagkakalapat ng mga maamong mata ng nakatulalang Aso sa kanya,

nakaramdam siya ng tuwa.

"Isa kang Buto... bakit ka sugatan?" usisa ng Aso na nagpipilit magpakatapang.

"Kahit ang mga Buto nasasaktan din... ikaw bakit ka natatakot? Ramdam ko ang kaba sa boses mo." nagtataka ang Buto, pero gustuhin niya man na itanong sa estrangherong Aso kung bakit siya nakatitig sa kaniya, ito'y di niya magawa.

"Tignan mo ang lugar na ito... kahit mga pusa ay matatakot na pumunta rito... ikaw di ka ba natatakot?" unti unti nang lumalakas ang loob ni Aso.

"Nasaktan nako nang sobra, ano pang dapat kong katakutan?"ramdam ang lungkot.

"Hindi kita maintindihan... baka pwede mo akong kwentuhan?"may galak na sa panig ni Aso, may makakausap na siya. Ngunit di pa rin ganap, sapagkat may lungkot ang mga mata ni Buto. Nahahalata niyang naglalaban ang OO at HINDI sa pagpatak ng luha kay Buto. Matagal na naging tahimik ang paligid.

"Ayoko nang magkwento. Sawa na ako sa pagbabalik tanaw sa nakaraan. Sawa na akong umiyak nang ubod lakas dahil lamang sa di kalakihang sakit." Matapang na sambit ni Buto.

Hindi malaman ni Aso ang isasagot niya sa nagmamatapang na Buto. Ngunit sa kagustuhan niyang pasayahin si Buto, inusal niya.
"Nakakatuwa ka naman. Napakatapang mo. Sabihin mo, nagugutom ka na ba?"

"Magsisinungaling ako kapag aking sinabing hindi. Gusto kong kumain, ngunit hindi mag-isa. Pwede mo ba akong samahan pa?" nakangiting sambit ni Buto.

"Gustong gusto ko!"medyo napalakas ang sagot ni Aso dahil sa kagalakan. Ang Buto kasi na kanyang nakita at gusto pang makasama ng matagal ay sasabay na kumain sa kanya.
"Ngunit saan tayo kakain? Malayo pa ang kabayanan mula dito." tuloy nya.

"Ang kahit na saan ay maaari na." nakangiti pa rin si Buto.

"Kung ganoon ay ipagluluto na lamang kita. Higit na mas malapit ang aking bahay mula rito."kinabahan ang Aso sa maaaring maging sagot ni Buto.

"Paano kung hindi siya sumama? Paano kung natakot na siya dahil sa anyaya ng isang estranghero sa kanya? Paano kung ..."hindi na natuloy ang pagmumuni muni ni Aso nang marinig niya ang sagot ni Buto.

"Sige."natutuwa si Buto sa anyaya ng isang estranghero. Isang estranghero na tila nais niya pang makasama ng mas matagal.

"Kung ganoon naman pala ay tara na."lantay ang tinig ni Aso at ayaw pahalata sa kanyang mga nararamdaman. Ngunit sa pagtalikod niya sa kasamang Buto, umapaw na ang pinipigilang emosyon. Hanggang tainga na ngayon ang kanyang ngiti.

Naging masaya ang paglalakbay ng dalawa. Palabi ang isa, ang ikalawa ay palatawa.
Malubak man ang daan patungo sa tahanan ni Aso, nakaya naman nila. At ngayon ay narating na nila ang destinasyong sinadya nila.

Ngunit may duda pa rin sa isipan ni Buto

"Sigurado ka ba sa pagpapapasok sa isang di pa gaanong kakilala sa loob ng iyong tahanan?" sabi niya

"Sigurado ako. Ako nga'y nagagalak sa iyong pagsama sa isang estrangherong kagaya ko."nakangiti si Aso, nais niyang alisin ang pagduruda ni Buto.

Napangiti na lamang si Buto, mukhang pumanatag na ang mga paru-paro sa kanyang sikmura.

Naging malapit na ang dalawa sa isa't-isa. Kanina'y di pa magkakilala, ngayo'y sobrang lapit na. Bakas ang ningning sa mga mata ni Buto, bakat ang tuwa sa ngiti ni Aso. Madaming kwento ang nagpapalipad sa malamig na hangin. Madaming tawa ang nakakapit din. At makikitang puno ng nagkikislapang kisla~ ang paligid ng dalawa. Tila nahiya si Haring araw sa dalawa, kaya kanyang katawa'y pinahinga ng maaga.

At ang pagyakap ng dilim ang bumagabag kay Buto at pumutol sa isa nanaman sanang masayang kwento ni Aso.

"Naku Aso! Gabi na pala."nabigla si Buto. "Maraming salamat sa masarap na pagkain, at masasayang kwento."dagdag pa niya.

"Pero maaga pa naman." nalulungkotna sinabi ni Aso. "Hindi ka ba puwedeng manatili pa?"usisa nito.

"Ako ma'y nais na makipagkwentuhan pa ng mas matagal, subalit gabi na, at kailangan pa ako sa aming bahay."paliwanag ni Buto.

"Sige. Naiintindihan ko." ramdam na ang lungkot sa tinig ni Aso. Ang matagal

niya kasing hinanap na kakwentuhan ay malapit nang magpaalam, ngunit ayaw niya itong lumisa, hindi pa siya handa.

Walang nagsasalita. Tahimik ang dalaw na kanina lamang ay hindi mapigilan sa mga hagikgik.

Hanggang sa isang ideya ang pumasok sa isipan ni Aso.

"Pwede ba kitang ihatid?" alok ni Aso.

"Pero hindi na kailangan. Dalawang kanto nalangang layo ng bahay namen Aso." sagot ni Buto.

"Pe-pero. . kasi... gusto kong makauwi ka ng ligtas." matapangn na si Aso.

"Kung yan ang gusto mo." pigil ang ngiti ni Buto. Ngunit sobra sobra ang galak niya. May nagaalala na sa kanya.

Sa daan.

"Makikita pa ba ulit kita bukas?" diretso ang bose ni Aso. Umaaasa sa matamis na sagot ni Buto. Umaasa na hindi pa iyon ang huling beses na makakasama niya ang kanyang bagong kaibigan. Umaasa...

Kumagat na nga ang dilim at malalim na ang pagkakabaon ng mga ngipin nito sa daan na nilalakaran ng dalawa. Pinasya ni Aso na ihatid ang bagong kaibigan sa kanilang bahay. Takot si Aso, pero mas natatakot siya sa kung ano mang pwedeng mangyari kay Buto sa daan. Takot si Aso, pero nagpapakatapang siya dahil ayaw niyang tawanan siya ni Buto. Kinakaya naman niya na pangatawanan ang pagpapanggap hanggang sa may narinig na kaluskos sa bandang bungad ng dinaraanan.

"Aw-aw!!!" malakas na kahol ni Aso.

"Palaka lang siguro iyon, wag kang matakot."sabi ni Buto sa nagulat na Aso.

Nabigla si Aso. Alam pala ni Buto na natatakot siya. Pero paano?

"Alam mo bang takot ako sa palaka?"

Nagsimulang magkwento si Aso patungkol sa mga bagay na kinatatakutan niya.

At nagsimulang mapalitan ng mga asaran at tawanan ang madilim na daan.Nagsimulang sumaya ang paglalakbay ng dalawa.

"Kaya mo pa ba Aso? Malayo pa ang bahay namin." nakangising tanong ni Buto sa kasama.

"Kakayanin ko..." sagot ni Aso.

"...para sayo."bulong pa nito.

Walang nakarinig sa mga katagang ito na binitawan niya ng ubod tapang at buong puso. Wala. Kahit ang mga kuliglig, kulisap, o kahit ang mga palaka. Hindi nya alam kung bakit di niya masabi ng malakas. Ang alam niya lang ay totoo ang nararamdaman niya para kay Buto. Sigurado na siya kahit kakakilala nya pa lamang dito.

Malapit na ang dalawa sa kanilang destinasyon. Malapit nang maihatid ng natatakot na Aso ang kaibigang si Buto, ang kaibigan na unti unti niya nang hinahangaan, ang kaibigang isang araw palang naman niyang nakakasama ngunit nakapalagayan agad niya ng loob.

"Ayun!"sabi ni Buto habang nakaturo sa isang malaking bahay na gawa sa di makintab na bato. "ayun na ang bahay namin!" may galak sa tinig niya.

"Malaki pala ang bahay niyo."mangha ang Aso sa tinuran ng kaibigan. Nahiya rin ito sa ginawang pagpapatuloy sa kaibigan sa kaniyang hindi kalakihang bahay na gawa lang naman sa tagpi tagping kahoy.

"Gusto mo bang tumuloy? maghapunan muna tayo." nakangiti sa pagyaya si Buto sa kaibigang isang araw pa lamang niyang nakakasama, ngunit nakapalagayang loob agad.

Napag-isip si Aso. Nahihiya ito dahil hindi alam kung anong magiging reaksyon ng mga magulang ni Buto kapag nakita siya, ngunit may saya sapagkat nararamdaman niya na ang pagtanggap ni Buto sa kanya, at nabigyan siya nito ng pag-asa, pag-asa na baka pwedeng maging higit pa sa isang kaibigan ang turingan nila.

Sampung hakbang nalang ang layo nila.

"Hindi ba nakakahiya sa tatay at nanay mo?"huminto sa paghakbang si Aso.

"Huwag kang mag-alala, mabait sila." nakangiti si Buto.

"Ngunit kanina mo pa lang ako nakilala, hindi ka ba nagduruda sa akin? Baka magnanakaw ako, o isang terorista." pagpapaliwanag nito. Pakiramdam niya'y kailangan niya ng dahilan para lumakas ang loob na sumama hanggang sa loob ng bahay ng kaibigan.

"Haha! Huwag kang mag-alala heneral ng pulis ang aking tatay, at sundalo ang aking nanay. hahaha! " dinaan sa biro ni Buto ang lahat, naramdaman kasi nito na nahihiya ang kaibigan.

Walong hakbang na lang.

"Pero..." walang maisip na isagot si Aso. Ayaw na rin niyang magdahilan dahil ibig naman talaga niya na makasama pa si Buto, at iyon ang nagtulak sa kanya para humakbang ng dalawang hakbang pasulong.

"Wala ng pero pero, pag di ka sumama sa loob magtatampo ako sa iyo at hindi na kita kakausapin pa ulit."pagbabanta ni Buto sa nag-aalinlangan pa rin na Aso.

Hinawakan ni Buto ang kamay ni Aso at humakbang ng tatlo pasulong.

Nawala ang mga pangamba ni Aso, napalitan ang lahat ng kaba ng saya. Hinigpitan niya ang hawak sa kamay ng kaibigan, at humakbang nang humakbang nang humakbang.